CARMEN CHU
ASSESSOR-RECORDER

SAN FRANCISCO
OFFICE OF THE ASSESSOR-RECORDER

**Huling Araw para sa Mga Tugon sa Paunawa:** Marso 3, 2017
**Takdang Petsa para sa Pag-file ng Form 571-L:** Abril 3, 2017
**Huling Araw Sa Pag-file ng Form 571-L Nang Walang Multa:** Mayo 8, 2017

**Account #:** ____________________
**Online PIN #:** ____________________

LOCATION:

# PAUNAWA NG DERETSONG PAGSINGIL (DIRECT BILL NOTICE)

Pebrero 13, 2017

Mahal na May-ari ng Negosyo:

Ang Paunawang ito ay ipinagbibigay-alam sa inyo ang inyong mga obligasyon sa pag-file ng inyong pag-aari sa negosyo para sa 2017. Ang batas ng estado ay nag-aatas sa mga may-ari ng negosyo na mag-file ng Form 571-L Pahayag ng Pag-aari sa Negosyo (Business Property Statement) taun-taon sa Tagatasa ng County (County Assessor) para sa bawat negosyong matatagpuan sa County (R & T Code, Sec. 441(a)). Maaaring hindi kayo nag-file ng Form 571-L sa mga nakaraang taon sa dahilang kayo ay nasa Deretsong Pagsingil (Direct Billing) (pagtatasa batay sa umiiral na impormasyon sa aming mga rekord); gayunman, maaari kayong atasan na mag-file ng Form 571-L sa taong ito kung ang ilang impormasyon sa negosyo ay nagbago. Mangyari lamang na basahin ang buong Paunawa upang malaman ang mga pangangailangan sa inyong pag-file para sa 2017.

## Walang mga Pagbabago sa Halaga ng Personal na Pag-aari sa Negosyo o Impormasyon sa Negosyo

- Kung ang pangalan ng negosyo, lugar ng negosyo, mailing address, at pangalan ng may-ari na nakalista sa itaas ay **hindi** nagbago,
- Kung ang halaga ng personal na pag-aari sa inyong negosyo ay **hindi** nagbago, at
- Kung ang negosyo ay nagpapatuloy pa (hal., **hindi** nahinto ang pagnenegosyo bago ng Enero 1, 2017)

⇨ Kaya't walang aksiyon na kinakailangan. Hindi ninyo kailangang mag-file ng Form 571-L Pahayag ng Pag-aari sa Negosyo (Business Property Statement) sa taong ito. Ang pagtatasa ng personal na pag-aari sa negosyo at Unsecured Property Tax Bill para sa taong panuusan (fiscal year) (Hulyo 1, 2017 hanggang Hunyo 30, 2018) mula sa Tanggapan ng Ingat-yaman at Kolektor ng Buwis (Treasurer & Tax Collector's Office) ay ibabatay sa kasalukuyang impormasyon na nasa aming mga rekord.

### Mga Pagbabago sa Impormasyon ng Negosyo

- Kung ang pangalan ng negosyo, lugar ng negosyo, mailing address, o pangalan ng may-ari na nakalista sa itaas **ay nagkaroon** ng pagbabago, o
- Kung isinara ang negosyo o nahinto ang pagnenegosyo bago ng Enero 1, 2017

⇨ Bago o sa **Marso 3, 2017**, mangyari lamang na kumpletuhin at ipadala ang Pahina 2 ng Paunawang ito sa aming tanggapan na ipinapakita ang pagbabago sa rekord ng inyong negosyo at isasapanahon namin ang inyong rekord ng negosyo. Mangyaring magtago ng kopya ng dokumentong ito para sa inyong mga rekord.

### Mga Pagbabago sa Halaga ng Personal na Pag-aari sa Negosyo

Kung magkaroon man ng mga pagbabago sa halaga ng personal na pag-aari sa inyong negosyo simula ng Enero 1, 2017

⇨ Bago o sa **Abril 3, 2017**, kayo ay inaatasan ng batas na mag-file ng Form 571-L Pahayag ng Pag-aari sa Negosyo (Business Property Statement). Mangyari lamang na basahin ang mga tagubilin sa ibaba para sa higit pang impormasyon sa prosesong ito. Ang huling araw para sa e-File na walang magiging parusa ay Mayo 8, 2017; ang multa para sa pag-file pagkatapos ng Mayo 8, 2017 ay 10% ng kabuuan ng natasang halaga.

## Mga Tagubilin para sa Pagkumpleto ng inyong Form 571-L

Ang aming tanggapan ay magsisimulang tumanggap ng mga e-Filed statement sa aming online portal sa **Pebrero 21, 2017**.



SAMPLE

Para simulan ang prosesong ito, bumisita sa www.sfassessor.org/efile at mag- log in gamit ang Account Number at PIN na nasa itaas ng Pahina 1. Kapag naka-log in na kayo, maaari na ninyong gamitin ang e-File o maaari na ninyong i-download, i-print, kumpletuhin, at ipadala ang Form 571-L. Para sa higit na impormasyon, mangyaring pumunta sa www.sfassessor.org/manual571L-R-STR para sa pag-access ng aming online reference guide, na nagbibigay ng pangkalahatang-ideya ng mga pangangailangan ng batas para sa pag-file, mga sagot sa Mga Madalas na Itanong (Frequently Asked Questions) (FAQs), atbp.

**(1)** **Deretsong E-File sa Online:** Ang e-File ay isang libreng aplikasyon sa online na maaaring gamitin ng mga may-ari ng negosyo para i-file ang Form 571-L nang mabilis at ligtas. Walang kailangan na bagong software para magamit ang e-File, at matatanggap kaagad ang online confirmation matapos isumite ang pahayag (statement). Bilang dagdag, matapos makapag-e-File, makikita sa online ang mga nauunang taon ng mga e-Filed statement. Bumisita sa www.sfassessor.org/efile at mag-log in para simulan ang proseso.

**(2)** **I-download, I-print, Kumpletuhin, Pirmahan at Ipadala:** Maaari pa ring magsumite ang mga may-ari ng negosyo ng Form 571-L sa pamamagitan ng pag-download at pag-print ng inyong pahayag (statement) mula sa www.sfassessor.org/efile. Sa pamamagitan ng paggamit ng Account Number at PIN para sa inyong negosyo (na ibinigay sa pahina 1 ng Paunawang ito), magpi-print ang Form 571-L kasama ang bar code na **kinakailangan** para sa lahat ng mga pahayag (statement) na natanggap sa mail. Kung wala kayong access sa internet, maaari ninyong gamitin ang isang pampublikong computer na nasa 1155 Market Street, 5th Floor, sa City Hall Room 190, o sa lokal na sangay ng pampublikong aklatan. Mangyaring tandaan na dalhin ang Paunawang ito. Ang nakumpleto at napirmahang Form 571-L ay nararapat ipadala sa: San Francisco Assessor-Recorder, 1155 Market Street, 5th Floor, San Francisco, CA 94103.

**MAHALAGA: Hindi namin tinatanggap ang mga pahayag (statement) na nasa papel na hindi kasama ang aming system generated barcode.** Kung magsusumite kayo ng Form 571-L sa pamamagitan ng koreo o kung isang kinatawan ang naghahanda at/o nagpa-file ng Form 571-L sa inyong ngalan, dapat ninyong ilakip ang na-download na Form 571-L na may barcode na kaugnay sa inyong Account Number at PIN. Ang barcode ay kinakailangan upang maiwasan ang mga duplikadong pagtatasa at iba pang hindi sinasadyang mga pagkakamali.

Sumasainyo,

Carmen Chu
Assessor-Recorder

**If you would like to receive future notices from our office in a language other than English, please submit an online request using the link below

Request Online / Solicitación por internet/ 網上申請：sfassessor.org/biz-language-preference

**MGA PAGBABAGO NG IMPORMASYON SA NEGOSYO:** Kung ang impormasyon sa inyong negosyo ay nagbago simula ng Enero 1, 2017, mangyari lamang na lagyan ng tsek ang angkop na kahon at ibigay ang bagong impormasyon. Lagdaan at ibalik ang Paunawang ito bago o sa **Marso 3, 2017** sa: San Francisco Assessor-Recorder, 1155 Market Street, 5th Floor, San Francisco, CA 94103.

***This form must be completed in English (Kinakailangang kumpletuhin sa "English" ang form na ito)***

☐ Nagsara ang negosyo/Nahinto ang pagnenegosyo (Business Closed/Went out of business) — Petsa ng pagsara (Date closed): ________

☐ Bagong Lugar ng Negosyo: (New Business Location) ________________ — Petsa ng paglipat (Date moved): ________

☐ Bagong Pangalan ng May-ari: (New Owner's Name) — Petsa ng pagbago (Date changed): ________________

☐ Bagong Mailing Address: (New Mailing Address) ________________

☐ Bagong Pangalan ng Negosyo: (New Business Name) ________________

Pangalan ng May-ari:
Account #:

Lagda ng Tinatasahan (Signature) — Petsa (Date)

Pangalan ng Tinatasahan (Name) — Titulo (Title)

Business Account Number (BAN) — Numero ng Telepono (Tel): — E-mail address

***In the event of any inconsistency between English version and the translated version, the English version shall prevail, to the extent of such inconsistency or conflict./ Sa kaganapan ng anumang pagkakasalungatan sa pagitan ng Ingles na bersyon at ang mga isinalin na bersyon, ang Ingles na bersyon ay mangingibabaw, sa lawak ng naturang hindi pagkakatugma o salungatan.*



Printed on 30% post-consumer recycled stock

SAMPLE